1

Nagkikislapan ang mga bola ng ilaw na nakasabit sa kisame. Masakit na sa mata ang patay-sinding liwanag at nakabibingi na rin sa tainga ang malakas na tunog mula sa malalaking speakers ng bar. Amoy sigarilyo at alak ang hanging bumabalot sa paligid at karamihan sa mga tao ay lupaypay na, kung hindi man tila may sariling mundo.

Inikot ni Chynna ang mapupungay na mga mata sa paligid habang patuloy pa ring umiindak ang katawan sa nakasalang na musika. Nakita niyang nakamasid sa kanya ang kaibigang si Kayla, balot ng pag-aalala ang mga mata nito. Humugot ito ng hangin bago tumayo at lumapit sa kanya.

“Kayla! Come on, let’s dance!” yaya niya sa babae, may mapanghibong ngiti sa labi. Ipinatong niya ang dalawang kamay sa magkabilang balikat nito at ikinembot-kembot ang baywang.

Pinalis nito ang kamay niya. “Chynna, tama na. We have to go home,” yakag nito sa matigas na tinig.

Napalis ang ngiti niya sa labi at tinitigan ang mukha ng kaibigan. “Ano? Nagsisimula pa lang ang

gabi, Kay!" Nakakaloko ang ngiting nakapaskil sa kanyang mga labing may bahid ng bloody red lipstick.

Napabuga ito ng hangin at tinitigan siya nang masama. "Chynna, umaga na. Magsasara na ang bar mayamaya at baka nakakalimutan mong ngayon ang araw ng kasal mo? God, look at you, paano ka haharap sa altar ng ganyan? Lasing na lasing ka," nakukunsumi nitong sermon.

May nasagi sa utak niya ang binanggit nitong 'kasal', ngunit masyado siyang lango sa alak para maunawaan kung gaano ito kaimportante. Nagkibit-balikat siya at muling iginalaw ang katawan para sumabay sa tugtugin. Naki-jive siya sa kantang *Marry the Night* ni Lady Gaga.

Naiinis na hinablot ni Kayla ang kamay niya at kinaladkad siya palayo sa dance floor.

"Are you crazy? Whether you like it or not, uuwi na tayo."

Inakay siya ng kaibigan hanggang sa kinapaparadahan ng kotse nito at maingat siyang pinaupo sa front passenger seat bago ito lumigid sa kabila upang maupo sa likod ng manibela. Tinapunan muna siya nito ng naaawang tingin bago binuhay ang makina ng sasakyan.

Hindi naman party girl si Chynna. Hindi rin siya mahilig mag-bar hopping. Miminsan lang din siyang uminom ng alak, kaya lasing na lasing siya sa nilaklak na dalawang bote ng strong beer. Ramdam na ramdam niya ang pamimigat ng kanyang mga talukap, kaya ipinikit niya ang namumungay na mga mata. Biglang may nabuong imahe sa balintataw niya—ang imahe ng kanyang magiging asawa. Sumama lalo ang pakiramdam niya. Nasapo niya ang tiyan at nasuka sa loob ng kotse. Dinig na dinig niya ang malutong na mura ni Kayla at ang biglaan nitong pagpreno.

"Shit! Chynna naman!" nanlulumo nitong sabi.

"P-pasensya," nakuha pa niyang sabihin sa kabila ng malabo niyang isip. Pakiramdam niya ay ubod ng bigat ang katawan niya at hirap na hirap siyang itaas kahit man lang ang kanyang hintuturo. Naiiyak siya na natatawa, samu't saring emosyon ang nanahan sa kanyang dibdib.

"I'm only nineteen and I'm getting married!" bigla niyang sigaw mula sa kawalan kasabay ng pagbagsak ng masaganang luha mula sa kanyang mga mata.

"Chynna, para sa ikabubuti mo 'to. There's no other way," sabi nito, sabay pisil sa kamay niyang nanlalamig.

Isang mapait na ngiti ang isinagot niya sa kaibigan. “Pinabayaan nila ako, iniwan nila akong nag-iisa,” paulit-ulit niyang sabi na animo iyon lang ang laman ng utak niya.

“No, Chynna. It was an accident. Hindi ginusto ng mommy at daddy mo na iwan ka. They loved you so much, alam mo ’yon.”

Nasawi sa plane crash ang mga magulang niya. Wala siyang kapatid at wala ring mga kamag-anak. Ang mga magulang niya lang ang meron siya. They provided her with everything money can buy and love can give.

She was pampered at ni minsan hindi niya naranasan ang maghirap sa buhay. She wasn’t even forced to take over their family business dahil ayaw niya. She took up Fine Arts at sinuportahan naman siya ng mga magulang sa bagay na iyon. Hindi nga lang niya natapos dahil kinuha na ni Lord ang mga ito bago pa niya matapos ang kurso.

Losing her parents was like dying over and over again everyday. Para na rin siyang nalumpo, nawalan ng paningin, nangangapa sa dilim. Wala siyang alam sa pagpapatakbo ng negosyo, kaya nawala sa kanya ang properties nila kasama na ang kompanya ng kanilang pamilya. Mabilis na naubos ang perang

nakalaan para sa kanya sa bangko. She was left with nothing, not a cent.

"Help me, Mom, Dad… I don't love him," patuloy niyang sumamo na parang hindi narinig ang mga sinasabi ng kaibigan.

Rafo Cuelo... iyon ang pangalan ng lalaking nakatakda niyang maging asawa. Ito ang nag-alok sa kanya ng kasal sa panahong gipit siya. He was success personified. Ang lalaki ay isang tanyag na lawyer, guwapo, at mula sa respetado at tinitingalang angkan ng mayayaman at makapangyarihan. He was the Prince Charming of her dreams... well, almost. Sumablay lang ito sa isang bagay at sa pinakaimportanteng sangkap pa, ang pag-ibig.

Ginawa na niya ang lahat para lang mahulog ang loob niya sa binata pero bigo siya. Kumbaga sa puzzle piece, mismatched! Hindi puwedeng ipagpilitan dahil masisira lang. Bokya talaga sa love at chemistry.

Kayla heaved a sigh. "Malalampasan mo rin lahat ng 'to, Chynna. I know you will."

———————

Blangkong nakatanaw sa labas ng bintana si Chynna habang tinatahak ng kotse ang daan patungong simbahan. Wala pang beinte minutos

ang tulog niya buhat nang makauwi sila galing bar. Hinayaan lang siya ni Kayla na magpahinga muna bago siya inayusan at binihisan.

"Ma'am, okay lang po ba kayo?" alanganing tanong ng driver sa kanya.

Binalingan niya ang matandang lalaki at ilang segundo ring napako ang tingin niya rito. "Get out of the car," malamig niyang utos.

"Ano po?" Halatang nagulat ito sa tinuran niya, ganoonpaman ay itinabi rin ang kotse sa gilid ng kalsada.

"I said, get the friggin' out of here!" sigaw niya, nanlilisik ang mga mata. Hindi na nagsalita pa ang matanda at dali-daling lumabas ng kotse.

Lumipat siya sa driver seat at pinatakbo ang sasakyan. Pasuray-suray iyon sa daan. Inulan siya ng malalakas na busina pero wala siyang pakialam. Sa mga oras na iyon ay maraming emosyon ang naghahari sa kanyang kalooban. Sinuntok niya ang manibela at binilisan ang patakbo.

"*There's no other way."* Nag-echo sa tainga niya ang mga katagang binitawan ni Kayla. Mabilis ang ginawa niyang pagtapak sa preno. Nagngalit ang kanyang mga ngipin at mariin niyang ikinuyom ang

kamay.

"To my future husband, here I come!" tila baliw niyang sigaw. Muli niyang pinaharurot ang kotse, subalit hindi niya maalala ang address ng simbahan dahil sa kalasingan. Isang lugar lang ang pilit nagsusumiksik sa utak niya sa mga oras na iyon, ang simbahan na lagi niyang pinupuntahan. "Goodbye, single life!"

Wala pang quince minutos ay narating na niya ang destinasyon. Maraming panauhin sa loob. Kinuha niya ang isang bote ng alak na inipit niya sa ilalim ng upuan. Binuksan niya ito at derechong nilagok ang laman bago bumaba ng kotse at tinungo ang daan papasok ng simbahan.

———————

Nagtitingkaran ang gloriosa lily na yumayakap sa bawat pew ng simbahan, sa dulo nito ay nakalagak ang mga basket na naglalaman ng napakaraming puting talulot. Black and white ang motif ng kasal, kaya nadidisenyuhan ng puti at itim na tulle at ribbons ang kabuuan ng simbahan. It was a dream wedding. Nakapaskil ang masasayang ngiti sa bawat labi ng mga bisita, lalung-lalo na sa mga magulang at kamag-anakan ng bride at groom.

This is it, ani Truss Sanchez sa sarili. Matamis ang kanyang ngiti habang matikas na nakatayo sa altar at inaabangan ang pagmartsa ng bride sa aisle.

Pakiwari niya ay tumigil ang pag-inog ng mundo nang makita niya si Isabelle na mabagal na naglalakad suot ang magandang wedding dress nito. Napalis ang ngiti niya nang biglang may sumulpot na babaeng naka-gown din at sumabay sa pagmartsa patungong altar.

“What the heck?” Umalsa ang galit sa dibdib niya nang makitang paekis-ekis ang lakad ng bagong dating at papalapit sa direksyon niya. Sinulyapan niya si Isabelle, nakatulala ito at natulos sa kinatatayuan.

“Narito na ako, as promised,” saad ng babae sa lasing na boses. Nakatayo na ito sa harapan niya at hinawi ang belo pataas.

Hindi siya nakaimik nang mamalas ang mukha ng babae. Napakaganda nito; brown round eyes encircled with thick lashes, matangos na ilong, at mapupulang labi. Makinis ang mamula-mula nitong kutis. If he was not mistaken, the woman stood around five feet and four inches tall. Bumaba ang tingin niya sa katawan ng kaharap, hindi maitatanggi na sa likod ng puting traje de boda ay isang kaakit-akit na katawan. Napalunok siya sapagkat nahihipnotismo

na siya sa taglay na alindog ng estranghera.

"I do…" usal nito bago ikinawit ang malambot nitong braso sa kanyang leeg at inilapat ang matamis na mga labi sa bibig niya. Nayanig ang kanyang mundo sa pagkakahugpong ng kanilang mga labi.

"Truss!" sigaw ni Isabelle na sumira sa kakaibang mahika na umalipin sa kanyang pag-iisip. Mabilis ang ginawa niyang pag-urong. Nagbabaga ang mga mata ng kanyang bride. Lumapit ito sa kanya at ubod-lakas siyang sinampal. Hindi siya nakaimik. Ano ba ang nangyayari at ang dapat na pinakaespesyal na araw ng buhay niya ay naging disaster?

"Ang kapal ng mukha mo!" bulyaw nito sa kanya bago tumakbo palayo.

"Izzy, wait!" Hahabulin sana niya ang mapapangasawa upang magpaliwanag, ngunit bago pa siya makahakbang ay nawalan na ng malay-tao ang estranghera sa harap niya. Bumagsak ito sa kanyang malalakas na mga braso.

2

Nakabaluktot na parang fetus sa pagkakahiga si Chynna. Sapu-sapo niya ang namimilipit sa sakit na tiyan. She inherited a 'nervous stomach' from her late mother. Inaatake siya ng matinding sakit ng tiyan sa tuwing nakakaramdam ng sobrang pagka-tense, nerbyos o takot.

"Kay, mamamatay na 'ata ako," daing niya sa kaibigang matalim ang pagkakatingin sa kanya habang nakaupo sa silyang katabi ng kama.

"Ano'ng gusto mong gawin ko?" galit nitong tanong.

"Huwag ka nang magalit, Kay. Hindi ko naman sinasadya 'yon, eh. Lasing ako," samo niya.

Galit si Kayla dahil hindi siya sumipot sa araw ng kanyang kasal, sa halip ay ibang kasalan ang binulabog niya. Hindi malinaw sa kanya ang mga nangyari maliban sa mukha ng guwapong groom na hinalikan niya sa labi. Nagising na lang siya sa ospital, doon na rin siya sinundo ng kaibigan.

"Gusto mong matuwa pa ako? Paano ka na ngayon? Galit na galit si Rafo sa 'yo."

Matapos niyang i-boycott ang sariling kasal ay ora-oradang pinalayas na rin siya sa apartment unit na kinuha ng ex-fiancé para sa kanya. Hindi na ito nagpakita o nakipag-usap pa. Si Kayla ang nagsilbing messenger nila ng binata. Desidido itong putulin lahat ng connection na mayroon sila. At hindi niya ito masisisi.

"Huwag mo na akong intindihin, Kay. Maghahanap na lang ako ng trabaho."

Pinandilatan siya nito. "You? Work? Parang mali. Ano'ng alam mo? You were a pampered princess, Chynna Romero," ani Kayla.

Tama naman ito, wala siyang kaalam-alam sa buhay. Hindi siya marunong magluto, maglaba, at maglinis ng bahay. Masyado siyang na-baby ng mga magulang.

"Look at you, masakit na agad ang tiyan mo," mataray nitong komento bago tumayo at isinukbit sa balikat ang bag. Tinulungan siya nitong bumangon upang makaupo siya. Napailing ito sa kanyang hitsura. "I'll help you find a job."

Hindi siya makapaniwala sa narinig; napako ang tingin niya sa kausap. Kayla's face was devoid of emotion. Ibinuka niya ang bibig para magtanong

pero hindi niya maapuhap ang boses.

“Don’t say a word, Chynna. I’m doing this because I’m your best friend. For now, aalis na muna ako. Okay ka lang ba rito?”

Inilibot nito ang mga mata sa maliit na silid na inookupa niya. Kupas na ang kulay at may kalumaan na rin. Isang maliit na kama na gawa sa kahoy ang nasa gitna, inaamag na mesa at upuan sa bandang kaliwa, mumurahing tokador sa kanan at katamtamang bintana kung saan pumapasok ang maalinsangang hangin mula sa labas. Ito lang ang nakayanan ng budget niyang rentahan.

Marahang tango ang isinagot niya. Pinisil nito ang kamay niya bago nagpaalam.

———————

“Kayla, stop the car!” angal ni Chynna habang nanlalaki ang mga mata pati butas ng ilong niya. Hindi siya makapaniwala kung saan siya dadalhin ng kaibigan.

Kayla shot her a fierce gaze. “Akala ko ba gusto mong magtrabaho?” naiirita nitong tanong, nasa daan na ulit ang tingin. Tinatahak na nito ang daan papunta sa bahay ng magiging ‘amo’ niya.

Marahas siyang napabuntong-hininga. “Oo nga’t gusto kong magtrabaho, pero bakit katulong? Alam mo namang wala akong kaalam-alam pagdating sa mga gawaing-bahay.” Hindi maipinta ang mukha niya. Unti-unti na niyang iniinda ang paghapdi ng sikmura.

“Wala na tayong choice, Chynna. Lumapit na ako sa mga kakilala ko, pero lahat sila ay tinanggihan ka dahil wala ka raw alam pagdating sa trabaho. Isa pa, undergraduate ka.” Bumuntong-hininga ito. “Pagtiisan mo na muna habang naghahanap ako ng ibang trabaho para sa ’yo. Mabait naman ang magiging amo mo.”

Hindi na siya nagsalita. Wala ring mangyayari kahit na magdadakdak pa siya. Humugot siya ng hangin at pinuno ang naninikip na dibdib. Gusto niyang pumalahaw ng iyak dahil sa mga nangyayari sa buhay niya. She blinked off the tears, kailangan niyang maging matatag.

Hindi niya alam kung gaano siya katagal na nakamasid lang sa labas ng bintana. Napapitlag na lamang siya nang biglang magsalita si Kayla.

“We’re here,” anunsyo nito.

Pinilit niyang ihakbang ang mga paa pababa

ng kotse. Tumambad sa kanya ang napakagarang mansyon. Napasinghap siya.

"Beautiful," komento niya.

Ang nasa harapan niya ay isang mansyon na Victorian classic ang disenyo; animo isang hari iyon na nakatanghod sa kanila. May malawak na car garage, kasya ang sampung sasakyan. Napapalibutan ng naggagandahang mga bulaklak at tanim ang malaking bahay. Maliban sa sementadong daanan ng tao at sasakyan ay grass-covered na ang malawak na lupain.

"Yes, it is. Come, ipapakilala kita sa amo mo." Inabot nito ang kamay niya at hinila siya papasok ng mansyon.

"Wait lang," aniya. Hinila niya ang laylayan ng kanyang floral skirt para umunat ang nalukot na tela at sinipat ang simpleng white t-shirt. "How do I look?" alanganin niyang tanong.

"Hindi mo kailangang maging maganda, Chynna," nakasimangot nitong sagot. "Tara na." Nauna na itong pumasok sa loob ng malaking bahay. Tahimik lang siyang nakasunod dito hanggang sa engrandeng sala.

"Let's wait here. Pababa na rin siya," matabang

nitong pagbibigay-alam na nakapako ang tingin sa hagdanan.

Pasimple niyang sinulyapan ang kaibigan. Nakataas ang kilay nito at mariing magkalapat ang mga labi, mukhang iritado. Kung bakit ay hindi niya alam. Pinili na lamang niyang huwag magtanong, at sa halip ay ibinaling ang paningin sa hagdanan. Husto namang pagbaba ng 'amo' na hinihintay nila. Nagtama ang kanilang mga mata.

"You?" Dumagundong ang galit nitong boses.

Nanlaki ang mga mata niya. *Oh no, it can't be!* Naihiling niya na sana ay bumuka ang lupa at lamunin siya dahil ang lalaking nakatakda niyang maging amo ay ang guwapong groom na hinalikan niya! Hindi siya puwedeng magkamali dahil ito lang ang malinaw na napagkit sa utak niya, ang anyo nito.

"Truss!" magiliw na bati ni Kayla, hindi pansin ang pagdidilim ng mukha ng binata. Napakalapad ng pagkakangisi nito, animo natutuwa pa sa nakikitang poot sa mga mata ng kaharap.

Malalaki ang hakbang ng lalaking tinawag na 'Truss' habang palapit sa kanila, hindi inaalis ang matalim na pagkakatitig sa kanya. Yukung-yuko ang ulo niya upang huwag maghinang ang kanilang

mga mata. Huminto ito sa mismong harapan niya. Napilitan siyang mag-angat ng mukha.

Nasilayang mabuti ni Chynna ang hitsura ng lalaki sa malapitan. Understatement pala ang *guwapo* lang dahil napakaguwapo pala nito! Square-shaped face with a strong jawline, deep-set eyes na tila nakakapasong tumitig, matangos na ilong, manipis na mga labi na bagaman nakasimangot ay para namang kay sarap humalik.

She swallowed the invisible lump in her throat as her gaze skittered down the man's body. Perpekto ang balisaksakang katawan nito na hindi naitago ng suot nitong polo shirt. Dumausdos lalong pababa ang kanyang mga mata hanggang sa humantong iyon *doon*. Hindi niya napigilang mapasinghap sa nakita.

"Hey, what are you looking at?" supladong sita ng binata.

Napaigtad siya sa biglang pagsasalita nito at kaagad na pinamulahan ng mukha. Hindi siya makatingin nang derecho sa mga mata nito pagkatapos nitong mahuli kung *saan* siya nakatitig.

"Truss, siya ang sinasabi ko sa 'yo. Meet Chynna Romero," masiglang sabi ni Kayla, hindi alintana ang tensyon sa pagitan ng dalawa. Binalingan siya nito.

"Chynna, siya ang magiging amo mo from now on, si Truss Sanchez."

Pasimple niyang kinalabit sa tagiliran ang kaibigan. Hindi siya mapakali sa kinatatayuan. She was also discreetly rubbing her tummy dahil sa tumitinding paghapdi ng sikmura.

"Ano?" tanong nito.

Palipat-lipat ang tingin niya kina Kayla at Truss. Alumpihit siyang magsalita dahil matamang nakatingin ang binata sa kanila ng dalawa.

"May sasabihin ka ba, Chynna?"

Inilapit niya ang bibig sa tainga ng kaibigan. "Kay, hindi ko siya puwedeng maging amo dahil siya 'yong groom na hinalikan ko. Nasira ko nga 'ata ang kasal, eh," bulong niya.

Napatitig ito sa mga mata niya, waring sinusuri ang katotohanan ng kanyang mga sinabi pagkatapos ay bumuntong-hininga.

"Mukhang mabait naman, eh," ganting bulong nito. "So, Truss, kailan magsisimula ang kaibigan ko?" baling nito sa lalaki na nakatitig pa rin sa kanila. His eyes were dark and penetrating.

"Are you expecting me to hire her? Sorry, pero

hindi pa ako nasisiraan ng ulo. Nasabi ba sa 'yo ng kaibigan mo na sinira niya ang kasal ko o baka hindi na niya maalala ang insidenteng 'yon because she was annoyingly drunk that time?" nagtatagis ang mga bagang na saad nito.

Napakagat-labi siya sa tinuran ni Truss. Positibo ngang nasira ang kasal nito dahil sa kagagawan niya. Napisil niya ang tagiliran sa pagsigid nang mas matinding ulos ng sakit sa kanyang sikmura. She paled and felt her flesh shivered before she passed out.

———————

Nagising si Chynna sa malamyos na musika at malamig na temperaturang humahalik sa kanyang balat. She felt utterly cold. Pilit niyang iminulat ang mga mata. Binati siya ng puting kapaligiran.

Napabalikwas siya ng bangon. "Oh, God! Nasa langit na ba ako?" nahihindik niyang tanong sa sarili habang iniikot ang tingin sa kabuuan ng lugar. The room was coated white, sa kaliwa ay may malaking casement window with natural viscose string curtains na nakahawi sa gilid. Sa paanan nito ay isang classical white Emily chair. Ang plush carpet sa sahig ay puti rin. She was also sitting on a sleigh bed covered with white duvet and pillows. Sa harapan niya ay isang

plasma TV na nakakabit sa dingding.

"Unfortunately, you're still breathing. Buhay na buhay."

Napaigtad siya sa gulat at kaagad na hinanap ng mga mata ang may-ari ng baritonong boses. Sa kanang bahagi ng silid ay nakalagak ang isang malaking couch kung saan prenteng nakaupo ang 'amo' niya. Napakurap siya nang dalawang beses para lang putulin ang pagkakabatubalani niya sa guwapong mukha ng binata. Nakita niya kung paano umangat ang dulo ng bibig nito; isang nang-uuyam na ngiti ang gumuhit doon.

"Don't fall in love with me, Chynna. Masasaktan ka lang dahil wala akong planong patulan ang kahibangan mo," prangka nitong pahayag.

Her face flushed at nalaglag ang panga niya sa narinig.

"H-hoy! Wala akong balak na ma-in love sa 'yo, 'no! Excuse me," mataray niyang balik para pagtakpan ang kahihiyang nararamdaman.

Tumayo si Truss at matamis na ngumiti sa kanya. Nagsirko kaagad ang puso niya pagkakita sa ngiti nito. Hindi birong self-control ang ginawa niya para huwag ipahalata sa lalaki na sobra siyang kinikilig.

"Mabuti na ang maliwanag, Chynna. So, magsisimula na ang trabaho mo mamayang gabi. Ikaw ang magluluto," pagbibigay-alam nito, sabay talikod at tinungo ang pinto. "One more thing, ayaw kong marinig na nagpapatulong ka sa ibang katulong. Are we clear?" tanong nito na hindi man lang nag-abalang lumingon sa gawi niya.

"Y-yes," tipid niyang sagot.

"Good." Inilapat na nito pasara ang pinto. Naiwan siyang nanghihinang nakaupo sa kama. Padabog siyang nahiga at nakipagtitigan sa kisame. *Lord, help me. Paano ngayon 'to? Gosh, I can't cook!*

Namumutla at napako sa kinatatayuan si Chynna, gilalas na nakamasid sa bangus na nakapatong sa mesa. Problema na nga niyang hindi siya marunong magluto, dagdag problema pa na isda ang dapat niyang ihanda. Ayaw na ayaw niya sa malansa nitong amoy. Gusto niyang masuka sa tuwing pumapasok sa butas ng kanyang ilong ang baho ng isda.

"Ineng, ayos ka lang? Namumutla ka, ah," nag-aalalang puna sa kanya ni Manang Tela, pinakamatandang kasambahay sa mansyon.

Nahaplos niya ang tiyan sa bahagyang pagkirot

niyon dala ng tensyon at nerbyos. “A-ayos lang ho ako, Manang,” kaila niya.

“Sigurado ka ba? Ang mabuti pa’y maupo ka na muna at magpahinga. Ako na ang magluluto.” Akma na nitong aabutin ang isda nang pigilan niya.

“Huwag na po, Manang. Kaya ko naman po, eh. Turuan n’yo na lang po ako kung ano ang dapat gawin.”

Alanganin itong tumango bagaman pumayag na rin. “Hala, kunin mo ang isda at linisin mo muna,” marahan nitong utos.

She inhaled deeply at pinuno ng hangin ang dibdib pagkatapos ay dinampot ang isda sa buntot habang pigil-pigil ang paghinga.

“Bata ka, hawakan mong mabuti at baka mahulog ’yan. Aba’y hindi ka kakagatin niyan.”

“Okay na po ’to, Manang. Sunod po?” Gusto nang pumutok ng baga niya sapagkat pinangangapusan na siya ng hangin.

“Ikaw ba’y hindi humihinga, Ineng?” puna ng matanda na sinipat pa nang maigi ang kanyang mukha.

Iniwas niya ang ulo. “Bilis na po, Manang. Ano

na po?" Bumigay rin ang baga niya at napilitan siyang lumanghap ng hangin, kaya nasamyo niya ang iniiwasang amoy. Marahas niyang binitawan ang hawak na isda at inilang hakbang ang lababo, pulang-pula ang mukha niya sa pagsusuka. Dinaluhan kaagad siya ni Manang Tela at hinagod ang likod niya.

"What's happening here?" salubong ang mga kilay na tanong ni Truss.

———————

"Wala ka na bang gagawing matino, Chynna? Simpleng bagay, hindi mo pa magawa ng mabuti!" asik ni Truss.

Nasa study sila ng binata. Pagkatapos ng insidente sa kusina ay kaagad siya nitong pinatawag. Nakaupo siya sa wooden chair habang ito naman ay palakad-lakad sa harapan niya.

"S-sorry po, Sir Truss, h-hindi na po mauulit." Nakatuon ang tingin niya sa sahig. Hiyang-hiya siya sa amo.

"Dapat lang dahil kapag naulit pa ang ganitong insidente ay mawawalan ka na ng trabaho!" singhal nito.

"Opo."

Tumigil ito sa paglalakad at naupo sa silyang katapat ng inuupuan niya. His eyes were intently fixated on her. “Next time, ayusin mo ang trabaho mo, ha?”

Marahan siyang tumango na pinanatili ang paningin sa sahig. Iritado nitong hinagilap ang baba niya at pilit itinaas ang kanyang mukha. Nagtama ang kanilang mga mata. For seconds, tila nawala ang lahat ng bagay sa paligid. Nawala pati mumunting mga ingay. Tanging silang dalawa lang ang natira.

Then, she heard angels singing a love song. Napakurap-kurap siya. “Did you hear that?” amused niyang tanong sa binata na kagaya niya ay tila nakulong din sa kakaibang trance.

“What?” takang tanong nito.

“Angels singing!” wala sa sarili niyang sagot, bulalas na labis niyang pinagsisihan dahil nakita niya ang biglang pagdidilim ng mukha nito.

“Nonsense,” asik nito at walang lingon-likod na lumabas ng study.

———————

Hindi dalawin ng antok si Chynna. Pabiling-biling siya sa kama. Padabog siyang naupo at isinandal ang

likod sa headboard. Iritadong sinabunutan niya ang sarili.

"Hoy, brains! Cooperate naman, o. Patulugin mo na ako," naiiyak niyang kausap sa sarili. Gusto na talaga niyang iuntog ang ulo sa pader at baka sakaling makatulog siya. Kanina pa niya ipinipikit ang mga mata, pero nananatiling gising ang kanyang diwa.

Ginugulo siya ng imahe ni Truss na kanina pa palutang-lutang sa kanyang balintataw. May kakaibang damdamin din ang pilit nagsusumiksik sa kanyang puso, ngunit hindi niya mabigyang-pangalan.

Sinuntok niya ang unan sa labis na inis. "Ano ba ang nangyayari sa 'kin? Hindi naman siguro ako in love sa mokong na 'yon, ano!" Nanlaki ang kanyang mga mata nang mag-sink in sa utak niya ang tinuran. Natutop niya ang bibig. "No!" tili niya at tumalon pababa ng kama.

"Inhale, exhale." Inalug-alog niya ang kamay para payapain ang nagrerebolusyong emosyon.

Nang hindi humupa ang umaalsang damdamin ay patakbo niyang tinungo ang pinto at mabilis na bumaba sa kusina. She badly needed a glass of cold water at baka sakaling makatulong iyon upang

ma-wash out ang di kanais-nais na damdaming lumulukob sa kanyang pagkatao.

Napatda siya nang mabangga ang maliit niyang katawan sa malapad at matigas na dibdib ng amo.

Salubong ang mga kilay ni Truss at nagtatanong ang mga mata nang tingnan niya ang mukha nito. Bigla siyang hindi makahinga. Nanuyo ang kanyang lalamunan at parang namagneto ang mga mata sa titig nito.

"Hey, you okay?" His lips twisted in mockery.

"Y-yes, okay lang ako," kandautal niyang sagot. Walang suot na pang-itaas ang binata, kaya hindi niya napigilang masdan ang katakam-takam nitong katawan na animo umuusok na kaning nakahain sa hapag. He was every inch a real man, oozing with sex appeal.

Napakislot siya nang tapikin ni Truss ang balikat niya.

"Hindi ka kakausapin ng katawan ko, Chynna," sarkastikong turan nito.

"A-ano ba'ng pakialam ko sa katawan mo, ha?" asik niya sa kabila ng pag-iinit ng kanyang pisngi. "Excuse me." Nilampasan niya ito at lumapit sa fridge,

inilabas niya mula roon ang pitsel ng tubig. Wrong move dahil nakita nito ang panginginig ng kamay niya.

"Let me help you." Ito na mismo ang kumuha ng pitcher at nagsalin ng tubig sa baso. "Here." Iniabot nito sa kanya ang baso at nag-iwan ng isang nakakalokong ngiti bago tumalikod.

———————

"Damn!" kastigo ni Truss sa sarili. Bumaba siya sa kusina upang magpaantok, ngunit sa malas ay sinalubong pa siya roon ng mismong taong bumabagabag sa sistema niya.

"What am I gonna do with you, Chynna?" namomroblema niyang usal. Everytime he would caught her staring at his abdomen, wala siyang gustong gawin kundi ang buhatin ito, ikulong sa kuwarto niya at paulit-ulit na angkinin. Alam niyang hindi nito intensyong i-seduce siya, but God, the woman was a natural seductress! Walang lalaking nasa tamang pag-iisip ang hindi maaakit dito. She was *Helen of Troy* reincarnated!

3

Kinabukasan ay natagpuan ni Truss ang sariling kumakatok sa pad ng nakababatang kapatid na si Trake. Malaki ang pagkakahawig nila kung pisikal na katangian ang pagbabatayan, ngunit pagdating sa ugali ay magkaibang-magkaiba sila. Carefree at komikero si Trake samantalang seryoso at aloof naman siya.

Maybe it was because of their job. Magkaiba ang career na tinatahak nila. Freelance model ang kapatid, laging present sa social parties, laging nakangiti at masaya. Relaxed lang ito. Wala itong hinahabol na deadline, wala ring pressure sa trabaho nito.

As for him, bilang panganay ay siya ang natokang sumalo sa family business nila. Dugo at pawis ang naging puhunan ng kanilang mga ninuno para lang maitaguyod ang kompanya, kaya hindi siya puwedeng magpabaya. He couldn't afford to be friendly and warm. Iba ang business world; maraming tuso. Sa mundong ginagalawan niya, kailangan matatag siya at di basta-basta magpapatalo.

Halatang nagulat si Trake nang makita siya sa labas ng pad nito. Niluwangan nito ang bukas ng

pinto.

"Bro, anong masamang hangin ang nagdala sa 'yo rito?" bungad nito nang makapasok na sila sa loob.

Pinukol niya ng matalim na tingin ang kapatid.

Itinaas nito ang kamay na wari'y nahuli ng pulis. "Easy, Kuya." Lumapit ito sa fridge at kumuha ng dalawang canned beer. Pagkatapos ay initsa sa kanya ang isa bago pasalampak na naupo sa sofa.

"What now? Let me guess, nagkabalikan na kayo ni Ate Izzy?" tukoy nito sa ex-fiancée niya na sana ay asawa na niya ngayon kung hindi lang binulabog ni Chynna ang kasal niya noon.

"I wish, but no, hindi 'yan ang dahilan kung bakit ako narito." Lumagok siya sa hawak na beer.

"Ano nga?" naiinip nitong tanong.

"Naaalala mo pa ba 'yong babaeng nanggulo sa kasal ko?" balik-tanong niya.

"Ah, the ravishing drunkhead." Tumangu-tango ito. "Well, yeah. Why?"

"Sa 'kin siya nagtatrabaho ngayon bilang katulong."

Nanlaki ang mga mata nito, mayamaya ay humagalpak ng tawa. “Great! Napaglalaruan ka ’ata ng tadhana, Kuya.” kantyaw nito.

Truss eyed his brother annoyingly. “Hindi ako natatawa, Trake. Sakit sa ulo ang babaeng ’yon. Walang kaalam-alam sa gawaing-bahay.”

“O, bakit mo tinanggap kung gan’on? Dapat sinabi mong hindi mo siya puwedeng tanggapin dahil malaki ang atraso niya sa ’yo.”

Sandaling hindi siya nakaimik. Inisang lagok niya ang natitirang laman ng hawak na canned beer. Nagkibit-balikat siya. “I... I don’t know. There is something about her na hindi ko matanggihan. I tried to but… siguro dahil nawalan siya ng malay kaya tinanggap ko na lang siya,” magulo niyang sagot kapagkuwan.

“Whoa, whoa, whoa, wait. Bakit nawalan ng malay?” Bakas ang pagkaaliw sa simpatikong mukha ni Trake. Halatang interesado ito sa isasagot ng kapatid.

“Sobrang sakit daw ng tiyan. Her friend called it ‘nervous stomach’. Sumasakit ang tiyan everytime she feels tension, fright, and the like,” paliwanag niya, sabay masahe sa sentido.

Napahiga ito sa sofa dahil sa katatawa. Umayos lang ito ng upo nang makitang nagtatagis ang kanyang mga bagang at nagbabaga ang mga mata niya.

"Sorry, can't help it. Nakakatawa naman kasi, eh. Imagine, nawalan ng malay ang isang tao dahil sa sobrang takot sa 'yo. Puwede ka na palang ihilera sa karakas ng multo, eh." Binuntutan nito ng isa pang malutong na tawa ang pahayag.

Lalong sumakit ang pumipintig na pulso sa sentido niya. Nakukunsumi siya sa nakakainis na reaksyon ng kapatid. Pinuntahan niya ito upang sana ay idaing ang kakaibang nararamdaman niya para sa babaeng sumira ng kanyang kasal.

Nahintakutan siya nang marinig niya mismo ang sinasabi nitong 'angels singing', ngunit mamamatay muna siya bago niya iyon aminin sa babae. He was hoping that Trake could somehow give him sensible justifications para mapayapa ang kalooban niya, pero sa nakikita niya ngayon dito, imposible ang bagay na iyon.

Inilapag niya sa mesa ang lata ng canned beer at tila tinatamad na tumayo. "I'll go ahead," matabang niyang paalam.

Napatayo rin itong bigla. “Sandali, Kuya, It was a joke.”

Pinukulan niya ng masamang tingin ang kapatid bago walang imik na nilisan ang pad nito.

———————

“Si Chynna po, Manang?” usisa ni Truss sa matandang katulong nang hindi niya mahagilap ang dalaga mula kaninang pagdating niya sa mansyon.

Nag-angat ng ulo si Manang Tela na noon ay abala sa paghahalo ng niluluto. “Kasama yata ni Bebang, naglalaba,” tukoy nito sa isa pang katulong na hindi nalalayo ang edad kay Chynna.

Tumango siya at pinuntahan ang laundry room. Nanlaki ang mga mata niya nang makitang sabay na inilalagay ni Chynna ang white and colored fabrics sa washing machine.

“Chynna!” sigaw niya at mabilis na pinatay ang appliance.

“B-bakit po? May mali po ba sa ginagawa ko?” Tears clouded her lovely eyes.

Hindi siya sumagot, sa halip ay inapuhap ng mga mata niya ang katulong na kasama nito. “Bebang, halika nga rito!” iritadong tawag niya.

Dali-dali itong lumapit, halos magkandabuhol na ang mga paa. “Bakit po, Sir?”

“Hindi mo ba napapansing ipinagsasabay ni Chynna ang mga colored and white fabrics? Hindi mo ba siya binabantayan?” asik niya rito.

Namilog ang mga mata nito at mabilis na humingi ng paumanhin. “Hindi ko po talaga nakita, Sir. Pagsasabihan ko po si Chynna.”

Binalingan niya si Chynna. Pinipisil-pisil nito ang mga daliri at yukung-yuko ang ulo. Ang inisyal na gusto niyang gawin ay singhalan ang magandang katulong, subalit sa kung anong dahilan ay hindi niya magawa.

“In my room, Chynna, now!” he demanded.

———————

Tinatambol sa nerbyos ang puso niya habang palapit nang palapit sa silid ni Truss. Masakit na nga ang tiyan niya, ngayon maging puso niya ay masakit din. Inangat niya ang kamay upang kumatok sa pinto nang tumapat na siya sa kuwarto nito, ngunit pinangunahan siya ng takot. Muli niyang ibinaba ang kamay at humugot ng hangin. Akmang kakatok na siya nang bigla na lamang nagbukas ang pinto.

Her eyes were greeted by a half-naked demigod. Boxer shorts lang ang suot nito kaya naka-display ang perpekto nitong katawan sa harapan niya; broad shoulders, muscled arms and legs, wide chest, slim waist, washboard abs with well-defined six-pack.

"You're here. Pasok." Niluwangan nito ang pagkakabukas ng pinto upang makapasok siya, pagkuwan ay tumalikod. "Paki-lock ng pinto." He flopped down onto the bed.

"S-Sir Truss, bakit n'yo po ako pinatawag?" kimi niyang tanong. Nanatili siyang nakatayo sa tabi ng nakapinid na pinto.

Bahagya itong umungol. "Mamaya na natin 'yan pag-usapan, Chynna. Masakit ang ulo ko. Marunong ka bang magmasahe?"

"Opo."

"Good. I badly need one. Bilis, this headache is killing me," parang bata nitong reklamo. Dumapa ito sa kama at sinubsob ang mukha sa malambot na unan.

Dahan-dahan ang ginawa niyang paglapit sa amo. She sat beside him where she could easily reach for his head. Nang inilapat niya ang kamay sa batok ng binata ay bigla ang pagdaloy ng kuryente

sa katawan niya, maging ito ay napaigtad. Lumingon ito sa kanya. Nagsalubong ang kanilang mga mata.

"What was that?"

"N-naramdaman mo rin? Hindi ko alam," sagot niya.

Sinuri nito ang mukha niya, sandaling nagtagal ang mga mata nito sa nakaawang niyang mga labi bago muling bumalik sa mga mata niya. "Go on with the massage."

Nag-alangan siyang hawakan ulit ang ulo nito at baka may dumaloy na namang kuryente, kaya inabot na lamang niya ang balikat ng lalaki, dumiin at pumisil ang kamay niya rito.

He moaned in delight. Nagustuhan nito ang ginagawa niyang pagmasahe.

"Here, Baby." Hinuli nito ang kamay niya at dinala sa kumikirot na sentido. She pressed her fingers there and made a circular motion. Napaungol ito. Lihim siyang napangiti dahil kahit papaano ay nadudulutan niya ng ginhawa ang amo.

"Chynna..." untag nito na ikiniling lang patagilid ang ulo habang mariin pa ring nakapikit ang mga mata.

"Sir Truss?"

"Tell me about you, about your family. Nabanggit kasi noon ng kaibigan mo na dati ka raw anak-mayaman."

Sandali siyang napipilan. She was caught off-guard, hindi niya inaasahang magtatanong ito tungkol sa kanya. Napatingin siya sa mukha ng nakapikit na binata, husto namang pagmulat nito. Naghinang ang kanilang mga mata.

Nag-alis siya ng bara sa lalamunan bago nagsimulang magkuwento. "Tama po, Sir, kaya lang nasawi sa plane crash ang mga magulang ko. Naiwan akong walang kamuwang-muwang sa mundo at hindi pa tapos ng aking pag-aaral, kaya madilim ang naging buhay ko nang maiwan akong nag-iisa." She paused to fight the tears.

"To cut the story short, nawala sa 'kin ang lahat-lahat and here I am now, pobreng katulong n'yo po," mapait niyang salaysay. Nanginig ang kanyang mga kamay sa pagkakaungkat ng naging kapalaran niya.

Tumihaya ang kausap, titig na titig sa malungkot niyang mukha. He enclosed her hands with his. Naupo ito at sumandal sa headboard habang hawak-hawak pa rin ang malambot niyang mga kamay.

Nakatungo siya upang itago ang nag-uulap na mga mata. Naramdaman niya ang kamay nito sa kanyang baba, pilit itinataas ang mukha niya. She lifted her face at hindi niya napaghandaan ang mabilis na pagbaba ng mukha nito at paglapat ng mainit nitong bibig sa nakaawang niyang mga labi.

Nanlaki ang mga mata ni Chynna. It was her first real kiss! Isang beses pa lang siyang nagka-boyfriend, si Rafo, pero napilitan lang siyang pakisamahan ito dahil wala na siyang matatakbuhan. Maliban sa miminsang dampi sa labi ay hindi na ito nangahas pang halikan siya nang malalim.

Ganito pala ang totoong halik? Capable of making her world spin. Akala niya ay eksaherado lang ang nababasa niya sa mga pocketbooks na tila tumitigil ang pag-inog ng mundo. Subalit hindi, sapagkat ngayon pakiwari niya ay tumigil ang Earth sa pag-ikot sa axis nito. Her heart was pounding hard against her chest.

“Kiss me back, Babe,” he whispered between kisses. Pilit na nagsusumiksik ang pangahas nitong dila sa loob ng kanyang bibig.

She gasped aloud when he cupped her breast. Tulirong-tuliro na ang utak niya, hindi na niya masundan ang bilis ng mga pangyayari. Tulad

ng hindi niya maintindihan kung paano siyang nahubaran ni Truss at paanong nakahiga na siya sa kama at nakadagan ito sa kanya.

Natagpuan na lamang niya ang sariling tinutugon ang maiinit na halik at haplos ng binata. Marahas itong umungol at mas lalong lumalim ang halik, mas naging mapaghanap. She arched her body when his mouth nipped on one hardened peak, habang ang isa nitong kamay ay patuloy sa pagmasahe sa kabila niyang dibdib.

"Truss, s-stop." Sa huling pagkakataon ay sinubukan niyang ituwid ang pag-iisip.

"Stop what, Babe?" he taunted by lightly brushing his lips against her breast. His hand skated down the mound between her thighs.

Chynna's lashes flew up, napanganga siya nang maramdaman ang kamay nito sa kanyang pagkababae. Sinubukan niyang hilahin ang kamay nito, ngunit mas lalo lang siyang tinukso ng kaniig. She felt him stroking her. Mariin niyang nakagat ang labi sa pagbalot ng samu't saring sensasyon sa kanyang katawan. Then, she felt something build up inside her hanggang sa tila may inaabot siya na hindi niya mabigyan ng pangalan. Her hands clutched Truss' shoulders tightly.

"Let it go, Babe… let it go," mainit na bulong nito sa kanya.

Hindi niya malaman kung saan ipapaling ang ulo. Pabilis nang pabilis ang ritmo hanggang sa narating niya ang rurok ng kaligayahan. Kung kailan sa tingin niya ay wala nang papantay sa ligayang naranasan ay saka naman pumuwesto si Truss sa harapan niya.

"W-what are you doing?" hindi niya mapigilang tanong sa nangangambang tinig. He was naked and fully aroused. Hindi niya alam kung kakayanin niya ito. Why, the man was *big!*

His lips twisted in a devilish grin. Nasasalamin sa mga mata nito ang nag-uumapaw na apoy at pagnanasa. "Afraid?"

Napalunok siya, nakapako pa rin ang mga mata sa 'angking yaman' nito. "I... I don't think na kaya ko…"

Tumawa ito nang malakas pagkatapos ay muling idinagan ang buong bigat sa kanya. He showered her face with tiny sensual kisses. "Kaya mo, Babe. Trust me." His voice soothing away all her worry. Hindi na niya makapa ang takot sa kanyang puso.

He buried himself deep down her moistness. Umalpas ang malakas na ungol mula sa kanyang

mga labi. Mahigpit siyang napakapit sa magkabilang balikat ng kaniig.

"I'll be gentle, Babe," anas nitong tila hirap na hirap na huwag gumalaw. He was patiently waiting until she could accommodate him.

Unti-unti nang napalis ang inisyal na sakit. She wanted more. Kusa niyang itinaas ang balakang. Umungol si Truss at hindi na ito nakapagpigil. He shoved himself deeper and started to move.

Namilog ang kanyang mga mata sa pagragasa ng mas matinding sensasyon sa bawat himaymay ng katawan niya. She moved with him at sinuklian ang intensidad ng pakikipagniig nito sa kanya.

He pulled her hair. "I'm almost there, Babe." Nadaragdagan ang lakas at bilis ng pag-indayog nito sa bawat segundo.

Muli niyang naramdaman ang kakaibang init sa kaibuturan ng kanyang puson. Mayamaya lamang ay sabay na nanginig ang kanilang mga katawan. Kapwa nila narating ang paraisong nakalaan lamang para sa kanilang dalawa.

Walang nagsalita pagkatapos ng mainit nilang pagniniig. Nakatitig lang sila sa kisame.

Si Truss ang unang bumasag sa nakakailang na katahimikan. “Are you okay?”

Kiming tumango ang dalaga. She was more than okay. Tingin niya ay nakalutang siya sa ulap. Wala siyang makapang pagsisisi kahit na isinuko niya ang pagkababae sa binata. Gusto niya ang nangyari at paulit-ulit niya itong sasariwain sa utak.

Marahas itong humugot ng hangin bago pumihit paharap sa kanya. His eyes darkly shadowed.

“Chynna, gusto ko lang maging klaro ang lahat. Ang nangyari sa pagitan natin ay kapwa natin ginusto. Hindi kita pinilit, hindi mo ako inakit, okay?”

“O-okay.”

“So, huwag mo ’tong gagamitin laban sa ’kin para i-trap ako sa kasal. Mabibigo ka lang dahil wala akong planong pakasalan ka,” prangka nitong lahad.

Mariin siyang napakapit sa bedsheet. Alam niyang wala siyang aasahan sa binata. Di ba nga’t sinabi na nito noon sa kanya na bawal siyang ma-in love dito? Pero masakit pa rin pala. Kahit anong pigil niya sa sarili ay umasa pa rin siyang aalukin siya nito ng kasal. After all, he was her first.

“Makakaasa ka, Sir Truss,” aniya sa pinatatag na

tinig. Kinuha niya ang kumot at ibinalot sa hubad niyang katawan. Bumaba siya ng kama at sinimulang pulutin ang mga hinubad na damit. Dali-dali siyang nagbihis. “Lalabas na po ako, Sir,” paalam niya. Tumango ito bilang pahintulot. Wala na siyang sinayang na oras at mabilis na lumabas ng silid.

———————

Nabulabog ng malakas na busina ang tahimik na pagdidilig ni Chynna sa hardin. Pumarada ang isang itim na *Corvette C7 Stingray* sports car sa harapan niya. Nakalimutan niyang huminga nang bumaba ang sakay ng magarang kotse.

“Truss?”

Matamis itong ngumiti sa kanya. “Not Truss, Sweetie. I’m Trake Sanchez, his little brother. You are…?” Mabait ang bukas ng mukha nito.

“Ay, sorry po. I’m Chynna Romero. Hinahanap mo ba si Sir Truss?” Napansin na niya ang pagkakaiba ng magkapatid. Sa biglang tingin ay maipagkakamaling kambal ang mga lalaki, subalit pag pinagmasdang mabuti ay makikita ang kaibahan ng dalawang binata. Mas friendly and cordial ang anyo ng bunso. Sa tingin niya ay palangiti rin ito at masayahin.

“Ikaw ang bagong katulong, right?” tanong nito

na hindi nag-abalang sagutin ang tanong niya.

Kimi siyang tumango. “Ako nga. Hinahanap mo ba si Sir Truss?” ulit niya sa tanong kanina.

Trake flashed her his sweetest smile. “Yes, nasa loob ba siya?” Tinapunan nito ng mabilis na tingin ang mansyon bago ibinalik sa kanya ang atensyon.

“Oo, nasa study siya kanina. Puntahan mo na lang, Sir Trake.”

“Oh, just call me ‘Trake’.”

“P-pero baka magalit ang kuya mo.” Naiilang siya sa tiim ng pagkakatingin nito sa kanya.

“Nonsense! Ako ang bahala sa ’yo,” natatawa nitong sabi at bahagyang tinapik ang balikat niya. “Wala akong planong maging katulad ni Kuya. Hindi ko ’ata kayang maging suplado, antipatiko at malamig na tao,” anito sa himig-nagbibirong tono.

Napahagikgik siya. Hindi pa man niya ito nakikilala nang lubos ay magaan na ang loob niya sa binata.

Tila may hindi nakikitang kamay ang humahatak sa mukha niya para tingnan ang balkonahe ng study. Nagtama ang mga mata nila ni Truss. Nakatayo ito at nakatingin sa kanila ni Trake, madilim ang mukha

at tila nagseselos.

Si Chynna ang unang nagbawi ng tingin. Ipinilig niya ang ulo sapagkat kung anu-ano na ang pumapasok sa kanyang utak. Bakit naman ito magseselos? Walang basehan iyon. Guni-guni niya rin lang siguro ang nakitang pagdidilim ng mukha ng amo.

"Sige na, Trake, puntahan mo na ang kuya mo at naantala ka na rito."

"Sige, Chynna." Nag-iwan ito ng simpatikong ngiti bago bumalik sa kotse para igarahe iyon sa carport.

———————

"Chynna, ipagtimpla mo si Sir Truss ng kape. Dalhin mo raw sa kuwarto niya," imporma ni Jackie, pinakabatang kasambahay sa mansyon. Sambakol ang mukha nito, halatang hindi siya gusto. Alam niya kung bakit, may crush ito sa amo nila kaya nagseselos sa kanya.

"Ngayon na?"

Pinukol siya nito ng nang-iinsultong tingin. "Hindi, bukas pa," pamimilosopo nito.

Mabagal siyang nagtimpla ng kape. Ayaw niya

sanang lumapit sa amo. Mula nang may maganap sa pagitan nila ay iniwasan niyang makasalamuha ito at napagtagumpayan niya naman ang paglayo. Subalit ngayon, hindi siya makakaiwas. He specifically asked for her, wala siya sa lugar para tumanggi.

Dalawang katok lang sa pinto at narinig na niya ang baritonong boses ni Truss. “Pasok.”

Pinihit niya ang seradura at itinulak pabukas ang pinto. Pade-kuwartrong nakaupo sa couch ang lalaki. Madilim ang mukha nito at ang buong atensyon ay nakapako sa telebisyon. Mas nagmukha itong suplado dahil sa suot na eyeglasses, ngunit hindi niya rin maitatanggi na nakadagdag ito sa sex appeal ng binata. He was wearing white sando and faded maong jeans. Pinanuyuan siya ng lalamunan.

“Ilapag mo rito ang kape.” Itinuro nito ang wooden table sa tapat nito. He took off his eyeglasses habang matamang nakasunod ang tingin sa bawat kilos niya.

Na-co-conscious siya sa pagmamasid ng amo. Hindi birong kontrol ang inipon niya para lamang huwag matapon ang hawak na tasang may lamang umuusok na kape. Yumukod siya at inilapag sa mesa ang dala.

"How old are you, Chynna?" bigla nitong untag sa kanya na ikinaigtad niya.

Sapu-sapo niya ang dibdib, alanganing ngumiti o mainis sa muntikan nang pagkakatapon ng kape sa balat niya dahil sa gulat.

"N-nineteen ho," kimi niyang sagot.

Bahagyang napasipol ang binata. "Ten years. Now, that's a big age difference."

Ibinaba nito ang paa mula sa pagkakade-kuwatro saka dumukwang para mas mabistahan ang mukha niyang bahagyang hindi maaninag dahil sa pagkakayuko, idagdag pang madilim ang silid at ang tanging pinanggagalingan ng liwanag ay ang lampshade na nagbibigay ng dim light sa paligid.

Truss was looking at her bent head. Salubong ang mga kilay nito at may malalim na iniisip. Para siyang malalim na karagatang nais nitong sisirin upang marating ang pusod. Hindi niya matagalan ang panunuri nito, nagsimula siyang humakbang paatras.

"Stay right where you are, Chynna, mahalaga ang sasabihin ko sa 'yo," anito sa napakapormal na tinig. Inabot nito ang tasa ng umuusok na kape at dinala iyon sa bibig.

"Ano ang sasabihin mo, Sir?"

"Marry me," walang gatol nitong saad.